# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA III
# Yunit II
# Modyul Blg. 6

# Tao…Kumilos Ka at Gumawa

## I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Nakakita ka na ba ng mga taong hindi pa halos sumisikat ang araw ay nagtatrabaho na? Sa kabilang dako, mayroon ka bang naobserbahang mga tao na tanghaling tapat na ay nakahiga pa rin at tila ayaw magtrabaho? Ano ang naiisip mo kapag nakakakita ka ng ganito? Ikaw, saan sa dalawang kategorya ka nabibilang?

Mahalaga bang kumilos ka at gumawa? Sa palagay mo, maaari ka bang mabuhay nang maayos at ganap kung hindi ka gagawa? Ano ba ng paggawa ?

Ang mga katanungang ito'y matutugunan mo pagkatapos mong sumailalim sa mga gawaing sadyang inihanda para sa iyo. Umaasa akong magiging kapakipakinabang sa iyo ang araling ito.

Pagkatapos mong tunghayan ang modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman at pagpapahalaga:

L.C 2.1 Naipaliliwanag ang kahulugan, layunin at moral na batayan ng paggawa

A. Nabibigyang kahulugan ang paggawa
B. Naipaliliwanang ang layunin ng paggawa
C. Nasusuri ang moral na batayan ng paggawa

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.

4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong.
6. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
7. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
8. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang mga gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Basahin ang mga sumusunod at piliin ang titik ng wastong sagot

1. Ang paggawa ay nakatutulong upang malinang ng tao ang kanyang
   a. kaalaman
   b. kagandahan
   c. kayamanan
   d. pakikisama

2. Sa Diyos nagmula ang batayan kung bakit kailangang gumawa ng tao. Tinatawag natin ang batayang ito na:
   a. legal
   b. moral
   c. panlipunan
   d. pangkabuhayan

3. Ang pangunahing layunin ng paggawa ay upang:
   a. maipadama ang pagmamahal sa kapwa
   b. mabigyang kahulugan ang buhay
   c. malinang ang kaalaman at kasanayan ng isang tao
   d. matugunan ng tao ang kanyang pangangailangan sa pagkain, pananamit at iba pa.

4. Ang pagtatrabaho ng mga magulang upang mabigyan ng magandang kinabukasan ang kanilang mga anak ay nagpapakita na ang paggawa ay paraan ng:
   a. pagbibigay kahulugan sa buhay
   b. paglinang ng kaalaman at kasanayan
   c. pagpapadama ng pagmamahal
   d. pagtugon sa mga pangangailangan

5. Ang paglahok sa koro sa simbahan ay halimbawa na ang paggawa ay paraan ng:
   a. pagbibigay kahulugan sa buhay
   b. paglinang ng kaalaman at kasanayan
   c. pagpapadama ng pagmamahal
   d. pagtugon sa mga pangangailangan

# III. Tuklasin Mo

## Gawain Blg. 1

Basahing mabuti at suriin ang dalawang kaso.

**Kaso Blg. 1**

Si Ali ay 16 na taong gulang at katatapos pa lamang sa haiskul. Dahil sa kahirapan sa buhay hindi na siya nakapagpatuloy ng pag-aaral sa kolehiyo.

Ginugugol niya ang bawat araw na nagdadaan sa panonood ng t.v, pakikipagkwentuhan sa kanyang mga kabarkada at paglalaro ng basketball.

**Kaso Blg. 2**

Si Marvin, 16 na taong gulang at katatapos lamang ng haiskul. Tulad ni Ali, hindi na rin siya nakapagpatuloy ng pag-aaral sa kolehiyo dahil sa kahirapan.

Upang hindi masayang ang kanyang panahon, tumutulong siya sa kanyang mga magulang sa pagtitinda ng gulay sa palengke. Maaga pa lamang ay gumigising na siya upang mamakyaw sa Divisoria ng mga gulay na kanilang ititinda.

## Sagutin Mo

1. Paano nagkaiba sina Ali at Marvin?
2. Anong pagpapahalaga ang taglay ni Marvin na wala kay Ali?
3. Paano maaapektuhan ng pagpapahalagang ito ang kinabukasan ng dalawa?

## Gawain Blg. 2

Basahin ang kuwento at sagutan ang tanong sa ibaba.

Iba't-ibang Gawain

Matapos ang dalawampung taon mula ng magtapos sa kolehiyo, nagkita sina Joselito at Eric. Kamustahan, kuwentuhan. Nagtanong si Joselito, " kamusta na ang iyong apat na anak na lalaki?"

" Ang panganay ko ay nagtatrabaho na sa isang *law office*, hindi gaanong kataasan ang suweldo pero kapag nakakuha na siya ng *experience* ay makatutulong din iyon sa pagtaas ng kanyang posisyon.

Iyong pangalawa naman ay isa ng inhinyero. Marami na siyang gusaling idinisenyo. Nagtatrabaho siya sa gobyerno sa kasalukuyan. Pagdating ng araw nakikita kong magiging mataas ang posisyon niya dito.

Ang pangatlo naman ay nag-aaral pa ng medisina. Nagte-*training* pa siya at kailangan ang suporta namin. Ilang panahon lamang at magiging doctor na siya." Tugong may pagmamalaki ni Eric.

Halos hindi pa siya natatapos sa pagsasalita ng itanong ni Joselito " kamusta naman ang bunso mo?"

" A, si Rogelio, hindi siya nakatapos ng kolehiyo. Pagkatapos ng haiskul ay naghanap na siya ng trabaho. Security officer siya ngayon sa isang malaking kompanya at maayos naman ang suweldo." Sagot ni Eric.

"Siya lamang pala sa mga anak mo ang walang tinapos ano? Sayang naman." Ani Joselito.

" Oo nga, pero kung hindi dahil sa kanya, baka matagal na kaming namatay sa gutom. Siya ang sumusuporta sa pang-araw-araw naming pangangailangan." Tugon ni Eric.

Sagutin Mo

1. Paano nakatulong ang pagtatrabaho ng bunsong anak sa pangkalahatang kalagayan ng kanyang pamilya?
2. Ano ang mahalagang mensahe ang ibig ipahiwatig ng kuwento?
3. Paano mo iuugnay ang mensahe nito sa pagpapahalagang binanggit sa unang gawain?

## IV. Ano Ang Natuklasan Mo?

Sa natapos na mga gawain, natitiyak kong may mahahalagang konsepto at pagpapahalaga kang natuklasan. Isulat mo ito sa espasyong nakalaan para dito.

Ang paggawa ay nangangahulugang
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

Dapat kumilos at gumawa ang tao upang________
____________________________________________
____________________________________________

Ang moral na batayan ng paggawa ay nag-uugat sa________
____________________________________________
____________________________________________

## V. Pagpapatibay

Bakit kailangang gumawa ang tao? Ang katugunan sa tanong na ito ay makikita sa katotohanang hindi mabubuhay ang tao kung hindi siya kikilos at gagawa. Sa gustuhin man natin o hindi, bahagi ito ng ating buhay.

Ang ating mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, damit at iba pa ay hindi lalapit sa atin ng kusa o di kaya'y babagsak mula sa langit. Kinakailangang paghirapan natin at pagtrabahuhan bago ito makamit.

Tignan mo na lamang ang halimbawang ito. Kung ikaw ay nasa gubat at nakaramdam ng gutom, maghahanap ka ng makakain. May nakalaang biyaya ang kalikasan para sa iyo tulad ng bunga ng puno subalit kailangang akyatin mo ito at kunin. Kung hihintayin mo lamang ang kusang pagbagsak nito, malilipasan ka ng gutom.

Mahalagang gumawa ang tao sapagkat kasapi siya ng isang pangkat, Ang bawat kasapi ay may tungkuling dapat gampanan para sa ikapagkakamit ng kabutihang panlahat. Sa tahanan, hindi ba't may kanya-kanyang gawain ang bawat kasapi upang matiyak na magiging maayos ang tahanan?

Isa pang dahilan kung bakit kailangang kumilos at gumawa ng tao ay upang makamit niya ang kanyang mga mithiin at naisin sa buhay. Hindi mo makakamit ang kaunlaran at kaginhawahan kung nakatunganga ka lamang maghapon at walang ginagawa.

Ano naman ang moral na batayan ng paggawa? Nang Likhain ng Diyos ang unang lalaki at babae sa mundo tinagubilinan Niya ang mga ito na pamahalaan ang lahat ng nilikha. Makikita natin ito sa Genesis 1: 28

"…Wika Niya…'Magpakarami kayo at punuin ng inyong mga supling ang buong daigdig, at pamahalaan ito. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda, mga ibon at sa lahat ng maiilap na hayop, maging malalaki o maliliit…'

Genesis 2: 19-20

" Kaya lumikha Siya ng mga hayop sa parang at ibon sa himpapawid, inilapit sa tao at ipinaubaya dito ang pagbibigay ng pangalan sa mga iyon. Kung ano ang kanyang itawag, iyon ang magiging pangalan nila. Ang tao nga ang nagbigay ng pangalan sa lahat ng ibon at mga hayop, maging maamo o mailap. "

Ang mga talatang ito ay nagpapakita na ang paggawa ay may moral na batayan. Ang Diyos ang nagbigay ng misyong ito sa tao.

Ang paggawa ay nagbibigay pagkakataon sa tao na malinang ang kanyang mga kasanayan. Maraming potensyal ang isang tao na nangangailangang palutangin at linangin. Magagawa lamang ito sa pamamagitan ng paggawa.

Ang paggawa ang nagbibigay ng pagkakataong makapamuhay ng aktibo ang isang tao. Hindi sapat na ang tao'y huminga, kumain at matulog . Mahalagang gumawa siya ng mga kapakipakinabang na bagay para sa kanyang sarili, sa kanyang kapwa at sa lipunang kanyang kinabibilangan. Nagbibigay kahulugan ang paggawa sa buhay ng isang tao. Ito ang dahilan kung bakit kadalasan ang mga taong aktibong nagtatrabaho at biglang nagretiro ay nakararamdam ng panghihina.

Sa pamamagitan ng paggawa naipadarama natin sa iba ang ating pagmamahal. Ang mga magulang ay nagtatrabaho upang mabigyan ng magandang kinabukasan ang kanilang mga anak. Ang pagmamahal ng isang binata sa kanyang nililiyag ay naipakikita niya sa pamamagitan ng kanyang mga kilos at gawain. Ang pagmamahal ng isang anak sa kanyang magulang ay maaaring maipakita sa pamamagitan ng kanyang pagtulong sa mga gawaing bahay. Sa madaling salita, makikita natin ang pisikal na manipestasyon ng pagmamahal sa pamamagitan ng paggawa.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Basahin mo at pag-isipan ang ibig ipahiwatig ng mga sumusunod na kawikaan: Isulat ang iyong sagot sa espasyong nakalaan sa bawat kawikaan.

Ang kamay na masipag
may pagpapalang laan

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

Nakasalalay ang pag-unad sa buhay sa sarili mo ring mga kamay

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

Patay ang pananampalatayang walang gawa

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

Layuan mo ang mga taong batugan at ayaw gumawa

1. Ano ang kaugnayan ng mga kawikaang ito sa natapos na mga gawain?
2. Bakit mahalaga ang paggawa sa tao?

## VII. Gaano Ka Natuto?

Basahin ang mga sumusunod at piliin ang titik ng wastong sagot

1. Ang paggawa ay nakatutulong upang malinang ng tao ang kanyang
   a. kaalaman
   b. kagandahan
   c. kayamanan
   d. pakikisama

2. Sa Diyos nagmula ang batayan kung bakit kailangang gumawa ang tao. Tinatawag natin ang batayang ito na:
   a. legal
   b. moral
   c. panlipunan
   d. pangkabuhayan

3. Ang pangunahing layunin ng paggawa ay upang:
   a. maipadama ang pagmamahal sa kapwa
   b. mabigyang kahulugan ang buhay
   c. malinang ang kaalaman at kasanayan ng isang tao
   d. matugunan ng tao ang kanyang pangangailangan sa pagkain, pananamit at iba pa.

4. Ang pagtatrabaho ng mga magulang upang mabigyan ng magandang kinabukasan ang kanilang mga anak ay nagpapakita na ang paggawa ay paraan ng:
   a. pagbibigay kahulugan sa buhay
   b. paglinang ng kaalaman at kasanayan
   c. pagpapadama ng pagmamahal
   d. pagtugon sa mga pangangailangan

5. Ang paglahok sa koro sa simbahan ay halimbawa na ang paggawa ay paraan ng:
   a. pagbibigay kahulugan sa buhay
   b. paglinang ng kaalaman at kasanayan
   c. pagpapadama ng pagmamahal
   d. pagtugon sa mga pangangailangan

## VIII. Mga Sanggunian


De Torre, Joseph M. *Roots of Society*. Manila:Sinag-Tala Publishers, Inc. 1977.

De Torre, Joseph M. *Social Morals: The Church Speaks on Society.* Manila Southeast Asian Science Foundation Inc. 1987

Esteban, Esther J. *Education in Values. What, Why & for Whom.* Manila: Sinag-Tala Publishers. 1990

Mihalik, Frank, SVD *1000 Stories You Can Use, Vol I.* Manila: Divine Word Publications. 1989


## Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

1. a
2. b
3. d
4. c
5. c

Gaano Ka Natuto?

1. a
2. b
3. d
4. c
5. c